6524

DENANSANG NAGNGANGALAN SA SANGAY NG MABABANG PAARALANG RIZAL SA PUROK NG TUNDO NA "PAARALANG LEONOR RIVERA."

SAPAGKAT, ang gusaling pambayan na nasa daang Gregorio Perfecto, Tundo, ay pinangalanan nang di opisyal na Sangay ng Mababang Pa lang Rizal;

SAPAGKAT, kailangan na magkaroon ng opisyal na pagkakatukuyan ang nasabing gusali na bukod sa Mababang Paaralang Rizal upang huwag magkaroon ng pagkaligaw ang sinoman;

SAPAGKAT, ang inang paaralang ay pinangalanan sa karangalan ni Dr. Jose P. Rizal, kaya't magiging angkop at wasto lamang na bigyan ng ngalan ang sangay na ito ng pangalang may tampok na kaugnayan sa buhay at kasaysayan ni Gat Jose Rizal;

SAPAGKAT, si Leonor Rivera ay may natatanging bahaging-ugnay sa buhay ng dakilang bayani sa ngalan ng kanyang mataimtim na pag-ibig at naging patnubay siya nito sa kanyang pagiging dakila;

SAPAGKAT, ang pangalang Leonor Rivera ay nagsasaad ng mga katangian at kahinhinan ng kababaihang Pilipino, katulad din naman ng ang pangalang Jose Rizal ay naghahayag ng giting at lakas ng damdamin at pag-uugali ng ating kalalakihan: Dahil dito

Ipinapasya ng Sangguniang Bayan ng Lunsod ng Maynila, na:

PANGKAT 1. Ang sangay ng Mababang Paaralang Rizal sa Tundo ay pangalanan ng "Paaralang Leonor Rivera."

PANG. 2. Ang Ordenansang ito ay iiral mula sa pagkapatibay.

Pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Lunsod ng Maynila sa kanyang karaniwang pulong ngayon, Pebrero 22, 1968.

Pinagtibay ng Gatpuno ngayong ika-15 ng Marso, 1968.

PINAGTIBAY:

| | |
|---|---|
| ANTONIO J. VILLEGAS<br>Gatpuno<br>Lunsod ng Maynila | F. REYES CABAGAO<br>Pang. Gatpuno<br>at Tagapangulo, Sangguniang Bayan |

PINATUNAYAN:

| | |
|---|---|
| SERAFIN P. MANALO<br>Kalihim ng Gatpuno | MANUEL A. ROBLES<br>Kalihim, Sangguniang Bayan |

OPV/jmg